REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 99-100**

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI NA I-RELOCATE AT ISAMA SA SOCIALIZED HOUSING PROJECT, SA LUPANG DONASYON NI DATING BENITO O. ROCES SA PAMAHALAANG LUNGSOD, NA MATATAGPUAN SA BARANGAY CUPANG, ANG MGA RESIDENTE O PAMILYA NA APEKTADO SA BAGONG GUSALI NG PEDRO E. DIAZ HIGH SCHOOL SA BARANGAY BULI.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Raul R. Corro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa **Artikulo XIII, Seksiyon 10** ng **Konstitusyon,** *"walang demolisyon na maaaring isagawa sa mga iskuwater hanggang walang sapat na konsultasyon kung saan sila maaaring ilipat";*

**SAPAGKAT,** noong **ika-29 ng Abril, 1999** ay isinagawa ng pinagsamang **Komite ng Maralitang Tagalungsod, Komite ng Patrimonial Property at Komite ng Hustisya at Karapatang Pantao** ang isang pampublikong pandinig sa Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa upang dinggin ang kahilingan ng **Home Along the Riles Federation (HARF)** na ipatupad ng Pamahalaang Lungsod ang nilalaman ng ***Resolution No. 96-272;***

**SAPAGKAT,** naging sentro ng talakayan ang mga pamilya na naninirahan o umookupa sa lote na sakop ng compound na kinatatayuan ng bagong tayong gusali na Pedro E. Diaz High School Annex sa Barangay Buli;

**SAPAGKAT,** mayroong pangangailangan na mailipat kaagad ang mga naninirahan dito upang hindi makasagabal sa mga mag-aaral na papasok sa darating na pasukan;

**SAPAGKAT,** upang hindi maapektuhan ang pamumuhay ng mga taong nanininirahan sa nasabing lugar, kinakailangan na ang kanilang pamilya ay pansamantalang mailipat;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay mayroong pag-aari na kabibigay lamang sa pamamagitan ng donasyon ng dating Benito Roces na matatagpuan sa ***Barangay Cupang*** na angkop upang pansamantalang mapaglipatan;

**SAPAGKAT,** ang pagre-relocate sa nasabing lupa ay isang pagtugon at pagtalima ng Pamahalaang Lungsod sa nilalaman ng **RA 7279**;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* na hilingin sa ***Punonglungsod, Kgg. Mggl. Jaime R. Fresnedi*** na i-relocate at isama sa **Socialized Housing Project** sa lupang donasyon ni dating **Benito O. Roces** sa Pamahalaang Lungsod, na matatagpuan sa Brgy. Cupang, ang mga residente o pamilya na apektado sa bagong gusali ng **Pedro Diaz High School sa Barangay Buli**.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **19 Mayo 1999,** sa ginanap na **ika-39th** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

*Mggl.* **RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

*Mggl.* **PATRICIO L. BONCAYAO, *JR.***
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

*Dr.* **NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, *JR.***
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-100***

**LIBAN:**

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *Jr.***
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: _______

***Nory***